**Isang *Exploratibong* Paglalatag ng Lengwahe ng mga Batang Babaeng May Autismo**

*Marvin R. Reyes*

Autism is considered as one of the mental conditions of this generation that leads to many different angles of study or research. Though it is a spectrum, each person diagnosed with ASD has different ways of understanding their actions, gestures and non-verbal communications. But there are some ways to understand or translate it. In the field of translation, it can be assessed by means of multilingualism that tends to consider pre textualities in evaluating its message. The study focuses also on the struggle of a girl with autism and how she can have a place in the society.

**Keywords**: *Multilingualism, ASD, Pagsasalin, Stimming, Honorary Woman, Raul Roco*

## *Panimula*

Sa kasalukuyang panahon, iba't ibang kondisyon sa kaisipan ng tao ang napagtutuunan na ng pansin sa lipunan. Sa malawak na usaping pang-ekonomiya, pultikal at pambansa, nagiging interes na rin ang mga pakikitungo partikular na sa usaping sikolohikal at mental. Noong nakaraang pandemya, naging solidong dahilan ang pagsasara ng mga bayan (*lockdown*) upang maapektuhan ang pag-usad ng mental na kapasidad ng tao. Daan upang mas maigting na mapagtuunan pa ng pansin ang mga maseselan na tugon sa isyu ng depresyon, pagkitil ng buhay, mga iba't ibang kondisyon ng kakulangang pisikal at mental at mga katulad nito.

Bukod pa sa mga usaping ito, may isa pang kondisyon na nagkakaroon na ng puwang sa isang mapanghamong lipunan. Ito ang hinggil sa *autismo* o *Autism Spectrum Disorder* (ASD). Sa lipunang masalimuot, dalawa ang ang pagtingin sa kondisyon ng autismo. Sa isang banda, may kasalatan ang pang-unawa ng tao hinggil dito at nabibigyan ito ng maling pagpapaliwanag daan upang kumitid ang pang-unawa rito.

May isang radio show na tumalakay sa kung paano nakita na hindi pa malay ang ilang Pilipino sa kondisyong ito.

> That mental disorders are not considered as a medical condition by the average Filipino. Many Pinoys believe that mental disorders are

> conditions that the sufferers can just wake up one day and snap out of it. It is this belief that make the life of mental disorder sufferers and people with autism very difficult and almost impossible to endure. (PWDPhil, 2017)

Sa kabilang banda naman, nagiging iba ang nosyon sa pang-unawa sa autismo. Para kay Resurreccion (2013), natukoy niya na ang mga pamilyang may anak na may sitwasyong ganito ay; 1. *Kalooban ng Diyos*, 2. *Tagapagbigay ng kasiyahan*, 3. *Daan sa pagiging mabuting tao* 4. *Tagapagpatibay ng pamilya* at 5. *Instrumento sa pagbabago ng komunidad*.

Kung gayon, bagamat masalimuot ang pagtahak sa mundo ng mga may autismo, nagkakaroon pa rin sila ng puwang buhat sa isang lipunang umiikot hindi lamang para sa mga tinatawag na *norma*l kundi lalo't higit pati na rin sa mga tinaguriang *espesyal*.

Mahirap matunton ang pinagmulan ng autismo. Maraming pag-aaral ang naglalayong magbigay-linaw sa pinag-ugatan ng kondisyong ito. Subalit, walang direktang deklarasyon mula sa siyensya kung saan at paano ito natutunton. Magkaganon man, may ilang pagpapaliwanag hinggil dito.

Iba-iba ang antas at ekspresyon ng mga may kaso ng autismo. Dahil spectrum ito, taglay ng bawat isang mayroon ang iba-iba ring kondisyon. Subalit may ilan ding pagtatangka sa pagpapaliwanag hinggil dito. Masasabi na ang mga taong may ganitong kalagayan ay silang may kahirapan sa komunikasyon partikular na sa pagsasalita at sa kanilang mga kilos. (Benisek, 2023) Ganon din, ang mga may ganitong kondisyon, bagamat may kahirapan sa komunikasyon, nagkakaroon naman sila ng paghasa ng kaisipan gaya ng sa sining, musika, akademya at iba pang disiplina. Ilan sa mga katangian at sintomas nito ay ang mga sumusunod; hindi nakikipagtitigan (*eye contact*), hindi maayos na pagtugon sa isang sitwasyon, hindi pa o hindi makapagsalita, hindi nakikipaghalubilo, naglilinya ng mga gamit, nag-uulit ng mga salita o tugon. (Brasic, JR, 2021). May mga pagkakataon pa na ang ilan ay nagkakaroon ng *seizure* lalo't higit sa mga gulang na nasa

pagitan 2-3 taon na siyang edad kung saan nadidiskubre ng magulang ang austimo sa kanyang anak. (Benisek, 2023).

Sa kasalimuotan na itinataglay ng ganitong kondisyon ng autsimo, ang isa sa mga hamon na makakaharap ng kanyang mga magulang o ng mga taong nagmamalasakit sa kanya ay kung paano sila uunawain at iintindihin. Sa pangkalahatan, walang pagkakaiba ang kondisyon ng mga babae o lalaking may autismo. Bagamat isang spectrum, nagkakaroon ang mga ito ng mga komon na gawi o katangian mula sa diagnosis hanggang sa paglaki. Subalit sa kabila ng mga pagkakatulad, interesanteng silipin sa lente ng pang-unawa sa autismo ang mga batang babaeng may ganitong kalagayan.

Ang mga salita, gawi o nosyon ng mga may autismo ay isang mensaheng nangangailangan ng higit na pagtuon at pag-unawa na kanilang ibinabahagi sa kanilang paraan ng pakikipagkomunikasyon. Sa pag-aaral na ito, aalamin ang ilan sa mga ispesipikong indikasyon ng kaso ng autismo at kung paano ito bibigyan ng pagpapakahulugan bilang isa sa mga paraan ng proseso ng pagsasalin.

***Paglalahad ng Suliranin***

Upang matugunan ang paghahanap ng kasagutan sa mga suliranin sa pag-intindi sa kondisyon ng mga may autismo, ilalatag ang mga sumusunod na suliranin;

1. Sa papaanong paraan mailalahad ang mga non-verbal na komunikasyon ng mga batang babaeng may autismo?

2. Ano ang mga kaparaanan sa pag-unawa ng mga gawi at non-verbal na komunikasyon ng mga batang babaeng may autismo?

3. Anu-anong mga paraan sa pagsasalin at pang-unawa ang maaaring maikonsidera?

4. Paano nagiging gabay ang pang-unawa sa pag-intindi sa mga may autismo bilang kontribusyon sa pagtuturo sa mga may espesyal na pangangailangan?
5. Paano mas napapalakas ang karapatang pambabae sa pagtalakay ng pag-intindi sa mga batang babaeng may autismo?

***Kahalagahan ng Pag-aaral***

Masalimuot ang kondisyon ng autismo. Ganon pa man, isa itong diskurso para sa iba't ibang kaparaanan ng pagsusuri at pag-aaral. Binubuksan nito hindi lamang ang kamalayan ng kasalukuyang panahon sa ganitong klaseng sitwasyon upang maging daan sa pagkilala sa sikolohikal, emosyunal, moral, sosyal at etikal na pang-unawa nito. Subalit kung may isang katangian ang mga may autismo na komon sa kanilang lahat, ito'y walang iba kundi ang kanilang abilidad pagdating sa komunikasyon tuon sa paggamit nila ng mga hindi verbal na pamamaraan.

Malaki at matindi na ang pagpapahayag ng ilang sektor ng lipunan pagdating sa usapin ng autismo. Iba't ibang grupo ang may panawagan at adbokasiya upang mabigyan ng puwang ang mga may kondisyong ito. Sa Pilipinas, noong 1989, nasimulan ang Foundation for Autistic Children and Adults of the Philippines (ACAP) na malaon noong 1994 ay naging Autism Society of the Philippines (ASP). Layon ng organisasyon na mapaigting hindi lamang ang kabatiran sa autismo kundi pati na rin ng pagsasagawa ng mga hakbangin kung paano masusuportahan, mabibigyang-pansin at matutugunan ang mga isyung may kinalaman dito. Mula rito, lumalawak ang kabatiran sa kung paano titingnan ang autismo hindi lamang bilang isang kondisyon kundi bilang isang lagusan din ng pag-aaral. Ito ang nais ipabatid ng paksang ito na sa kabila ng sala-salabat na mga usapin, nagiging pagkakataon ito upang mas lubos itong maunawaan. Personal ang atake ng pagtalakay sa paksa dahil ang pamangking babae ng nagsusulat ang pangunahing sabjek

kung kaya't mula rito, maipapakita ang kinalalagyan ng mga kababaihang may autismo sa lipunang kanilang ginagalawan. Sa pagtuon sa pangkalahatang pagsusuri at pagbibigay-pakahulugan sa autismo, maaaring maiugnay ito sa SDG#3 (*Health and Well-Being*) kung saan makikita kung paano sa kabila ng kakulangan na mayroon ang mga may autismo, sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-intindi sa kanilang mga gawi at non-verbal na komunikasyon, matutukoy kung paano sila namumuhay sa realidad ng lipunan at mundo, SDG#4 (*Quality Education*) dahil matutukoy kung paano maaaring magsilbing gabay ang mga puntos sa pag-intindi sa mga gawi at non-verbal na komunikasyon ng mga may autismo sa pagtuturo at pag-aaral sa mga may espesyal na kahingian sa edukasyon at SDG#5 (*Gender Equality*) dahil inemfasays na ang pagtutuunan ng pansin ang mga babaeng may autismo. Partikular na rito ang sabjek na pamangkin ng nagsusulat na makikita sa ganitong paraan kung paano mabibigyan ng boses ang papel, identidad at pagtanggap ng isang babaeng may autismo sa lipunan sa kasalukuyang panahon.

***Mga Layunin ng Pag-aaral***

Nilalayon ng pag-aaral na ito na;

1. matutukoy ang mga gawi ng mga may autismo,
2. mailalatag na may mensahe pa rin ang mga non-verbal na komunikasyon ng mga may autismo,
3. magagamit ang lapit ng pagsasalin bilang pangunahing paraan sa pang-unawa ng mga gawi at verbal na komunikasyon ng may autismo,
4. magagawa ang mga kaparaanan sa pag-intindi ng mga may autismo sa larangan ng edukasyon partikular sa mga kumukuha ng espesyal na edukasyon at
5. mapalalakas ang posisyon ng mga babaeng may autismo sa lipunang ginagalawan.

***Metodolohiya***

Archival ang istruktura ng pagkalap ng mga datos sa pag-aaral na ito. May mga babasahin at pangunahing sorses upang mapagtibay ang mga tinatalakay pagdating sa usapin ng autismo. Kung gayon, kwalitatib ang pamamaraan sa pagdisenyo ng direksyon ng pagtalakay sa paksa. Magiging sabjek ang pamangkin ng nanaliksik sa pag-aaral na ito. Isang matibay na puntos na ang direktang pagiging bahagi sa batang babaeng may autismo. Isa itong pundasyon ng karanasan sa pakikipag-ugnayan dito daan upang lubusang matukoy pa ang mga pakahulugan ng mga gawi ng mga may autismo. At bilang pag-uugnay at pagpupugay sa namayapang senador na si *Raul Roco* na tinaguriang *Honorary Woman* dahil sa kanyang mga naisulat na mga batas na nagbibigay-puwang sa kababihan sa lipunan, maikokontexto ang pagsusuri sa lengwahe ng autismo sa pagpapahalaga sa kababaihan alinsunod sa dapat na maging posisyon nito sa lipunan. Kung gayon, mas palalakasin pa ang konsepto ng pag-angat sa mga kababaihan sa mukha ng mga babae, na sa puntong ito, ng mga may autismo. Kung gayon, isang paraan ang kanyang mga batas upang mapatatatag ang pagtawag sa kanya bilang isang Honorary Woman.

***Aktuwal na Diskusyon***

May kamulatan na ang kasalukuyang lipunan sa ASD. Iyon nga lamang may mga pagkakataon na hindi basta napagtutuunan ng pansin ang kabuuang pang-unawa sa kondisyong ito. Dahil isa itong spectrum, nahahati ang lipunan kung paano ibabalanse ang pag-intindi rito. May mga kondisyon na maituturing ang autismo bilang *high functioning* (napapakinabangan, salin) *or low functioning* (mahirap pakinabangan, salin) subalit ang mga katawagang ito ay maaaring magdulot ng diskriminasyon kung kaya't ginawan ito ng paraan at sa halip tinawag na lamang bilang *more significant (higit na may kapakinabangan,* salin) or *less significant* (hindi

masyadong napapakinabangan, salin) (Benisek, 2023). Higit na napapakinabangan ang yaong mga kasong nakakatugon naman sa pangaraw-araw na komunikasyon at hindi masyadong napapakinabangan ang yaong mga kasong nangangalay pa at nakadepende pa sa mga taong nakapalibot sa kanya. Kung bubusisiin ang pang-unawa rito, dalawa ang direksyon na maaaring matahak sa pag-aaral ng autismo. Una ay ang pampublikong pang-unawa at pangalawa naman ay ang pampropesyunal na pang-unawa. (Turnock, 2022). Maaaring lumikha ang dalawang ito ng istigma daan upang hindi ganap na maunawaan ang kondisyong autismo. Kung mali ang pang-unawa sa pampublikong lebel ng autismo, magiging mali rin ang pagtahak sa pag-alalay sa propesyunal na lebel. Nagkakaroon kung gayon ng kalituhan kung paano tutugunan ang bawat pangangailangan sa spectrum kaya't mas nagiging mahirap pa kung paano magkaroon ng isang sentralisado o buong pag-unawa sa autismo.

Maraming kaparaanan na kung paano naitatawid ang autismo sa kamalayan ng mga tao. Isa sa mga hindi malilimutang obra ay ang isinulat ni Fanny Garcia noong 2004 ang *Erick Slumbook: Pakikipagsapalaran Kasama ang Anak kong Autistic* kung saan kung saan itinalakay ni Garcia sa malikhaing pamamaraan ang emosyon, pakikipagbuno, pagharap at pagtanggap ng isang magulang at kung paano siya magkaroon ng isang anak na may autismo. Napakarami na ring pelikula ang tumatalakay sa iba't ibang spectrum ng autismo. Sa kasalukuyang panahon, isa ang *Inside Out* noong 2015 na nagsasalarawan kung paano naiaayos ang mga emosyon ng isang taong may autismo. May ikalawa itong sultada na ipapalabas sa kasalukuyang taon. Sa lokal na aliwan naman, nagkaroon ng bersyon ang *Keys to the Heart* sa Pilipinas noong 2023, na isang orihinal na pelikula mula sa South Korea noong 2018. Mula ito sa kuwento ng magkapatid sa ina at kung paano magagabayan sa pakikiharap sa buhay ng nakakatanda ang nakakabatang kapatid na may autismo. Noon 2023, ipinorodus ng Viva Films ang *In His Mother's Eyes* na hinggil naman sa pag-

adjust ng isang ina sa iniwan niyang kondisyon ng kanyang anak na may autismo buhat sa kanyang kapatid. Samantala kung pagpapaigting naman ng kondisyon ng mga babaeng masy autismo ang pag-uusapan, isa ang 2022 na Netflix series, ang *Extraordinary Attorney Woo* na buhat muli sa South Korea. Ang protagonista ay naituring bilang kauna-unahang abogadong may autismo sa bansa at higit sa lahat, isa pa siyang babae kung saan umiikot ang istorya sa kung paano matutulungan at magagampanan ang mga legal na usapin sa lipunang Koreano sa tulong ng dunong ng isang may autismong abogado. Sa dalawang bagay nagkakaroon ng pag-angat ang usapin ng autismo rito, una, ang kondisyon nito na maaari pa lang maging matagumpay nang propesyunal ang isang may autismo at pangalawa, daan ang kuwento upang magkaroon ng isang makapangyarihang babae na may autismo at napapakinabangan ng lipunan.

Ang mga nabanggit ay ilan lamang kung paano naitatampok ang autismo sa paraang bagamat malikhain o kung minsan pa nga ay may eksaherasyon, subalit naipapahatid sa kamalayan ng lipunan na ito ang kadalasang sitwasyon ng autismo. At dito na ngayon papasok ang usaping autismo sa kalagayan o kondisyon ng isang batang babae.

### ***Si Rian***

Sabjek ng pag-aaral na ito ang pamangkin ng nagsusulat. 10 taon pa lamang si Rian sa kasalukuyan. Ipinanganak siya sa Abu Dhabi. Mula 1-2 taon, nakitaan na siya ng mga sensyales na kakaiba, na noon ay hindi pa matukoy kung autismo. Ang kakaiba lamang sa kanya, hindi niya mabitaw-bitawan ang lalagyan ng pulbos na tila isang manika para sa kanya. Nakakapagsalita pa siya nung mga panahong iyon. Nababanggit pa niya ang mga tipikal na sinasabi ng mga bata sa ganong edad tulad ng "mama", "papa", "mommy" at daddy". Naririnig din sa kanya noong panahong umuwi siya sa Pilipinas para magbakasyon ang mga pahuling linyahan ng isang balitang


pantelibisyon. Subalit makalipas lamang ang ilang buwan, may napapansin na kay Rian. Tila nag-iiba na ang kanyang mga kilos at higit sa lahat nawala ang kakayahan niyang makapagsalita. Mula roon, iniuwi siya sa Pilipinas at doon ay natukoy na ang kanyang kalagayan na Autism Spectrum Disorder. At nagsimula at nagpatuloy na ang kanyang theraphy. Makikita sa ibaba ang talaan ng naging kondisyon ni Rian ayon sa kanyang gulang:

| **1-2 years gulang** | **3-6 gulang** | **7-10 gulang-kasalukuyan** |
|---|---|---|
| 1. hawak lagi ang Johnson's baby powder | 1. nagiging sensitibo sa mga isinusuot na damit | 1. pagtatapon ng mga gamit |
| 2. may pagkukumpas ng mga kamay (*flapping*) | 2. may *tantrums* (humihiga sa lapag at hindi makontrol ang pag-iyak) | 2. paglilinya ng iba't ibang mga bagay/laruan |
| 3. paglalaro sa kawalan ng kanyang mga daliri | 3. wala pang kusa sa mga personal na gawi tulad ng pag-ihi at pagdumi | 3. minsanang pagdudura |
| 4. hindi pagbibigay-atensyon sa mga itinuturo at sinasabi | 4. akmang sumasaludo dahil patagilid tumingin | 4. may kusa na sa pagpunta sa banyo maliban na lamang sa pagtulog |
| | 5. makalat | 5. pagpupursigi na makapagsalita |
| | 6. kusa nang kumakain ng mag-isa | 6. nauutusan na |
| | 7. pinipilit na makapagsalita kahit buka ng bibig lamang | 7. maagang nagkaregla |

***Freymwork***

Bubusiiin ang mga nabanggit na katangian ng pagkakaroon ng autismo ni Rian sa pamamagitan ng pagtalakay sa kaugnayan ng autismo bilang manipestasyon ng hindi verbal na komunikasyon. Mula sa ganitong paraan, maipapaliwanag ang proseso ng pagsasalin bilang pang-unawa sa autismo. Hindi maiaalis ang nosyon ng pag-intindi sa autismo kung hindi gagamitin ang metodolohiya ng pagsasalin. Sa ganitong paraan higit na mas mauunawaan ang pagtahak sa dito na hindi ito isang kakulangan o malalang sakit bagkus isang kondisyon na nangangailangan lamang ng kakaibang pagsusuri at espesyal na pang-unawa.

Mula sa makukuhang pakahulugan sa pagsusuri ng kondisyon ng may autismo, lalabas naman ang pag-angat sa kabuluhan ng karapatang pambabae bilang isa sa mga paraan ng pang-unawa sa mga ganitong klaseng kondisyon. Makikita ang pagpapakahulugan sa pamamagitan ng nasa ibaba:




***Paano pumapasok ang pagsasalin sa suri ng non-verbal sa autismo***

Tulad ng pang-unawa ng/at sa ibang texto, layunin ng pagsasalin ang pag-intindi sa mga kahulugan ng mga pinaghanguang mensahe nito. Kung paano nagsasalin sa mga texto/diskurso, ganoon din ang kaparaanan sa pagsasalin ng kahulugan sa mga usaping may kinalaman sa autismo.

> In the early study of translation, Eugene Nida (1975), a pioneer in the study of translation, was being criticized through his work that translation is reproducing in the receptor language the closest natural equivalent of the source language; first in terms of meaning and second in terms of style. From this idea, comes the use of direct translation as way or method in which understanding may take place in the semantic level, that is translating in the same word or sense in the closest possible context or background. Same goes in understanding the language of autism spectrum disorder which is to understand in the nearest possible way the meaning and of the non-verbal language and gestures as well. (Fisher, 2018).

Subalit una sa lahat, dahil isang spectrum ang kondisyong ito, hindi pare-pareho ang pagpapakahulugan sa basa ng mga gawi nito na siyang ganon din naman sa pangkaraniwang takbo ng isang salin.

> Neither theory nor empirical research nor both together will allow us to discover the truth about translation processes [...] Whether the data we collect come from situations, experiences, research results, written source and target texts, observed behaviours or verbal statements, they must be interpreted, and they will reflect just a part, a few aspects of the objects of our inquiry. (Risku, 1998)

Walang texto, sa kahit na ilanmang bersyon sa pagtatangka sa pagsasalin ang maaaring magkakapareho dahilan upang masabing isa itong bukas na texto ayon na rin kay Eco (1960).

Sa kondisyon ni Rian, makikita ang pagkakaiba sa kanyang bawat kilos at gawi o sa pangkalahatan sa kanyang kabuuang pakikipagkomunikasyon sa pag-usad ng mga taon.

Sa umpisa, aakalaing normal lamang ang mga katangian ni Rian tulad ng mga pangkaraniwang bata. Ang pagtangan sa botelya ng Johnson's Baby powder ay maihahalintulad sa normal na bata na laging may tangan ng stuffed toys o robot. Kadalasan, kung ano ang makahiligan niyang hawakan nang ilang araw, iyon ang kanilang hindi binibitawan. Madalas, itinatabi ito sa kanilang pagtulog o hinahanap naman kapag sila'y nagigising na. Ang paglalaro sa mga daliri ng kamay ay mistulang bahagi ng mga unang paraan na nalalaman sa pakikipaglaro sa mga bata. Sa lipunang Pilipino, ang pagtuturo sa isang bata ng *close-open* ay bahagi na ng kultura ng pagpapalaki at paglilibang.  Samantala, hindi rin ganon katatag ang ang pagbibigay-atensyon ng isang bata sa isang bagay o pangyayari sapagkat marami ang umaagaw sa kanilang konsentrasyon dahilan upang magkaroon ng *dual consciousness* sa kanilang paligid. Ang ganitong mga gawi ng isang pangkaraniwang bata na kung ihahambing sa sitwasyon naman ng mga may autismo, ay maaaring mabigyan na ng pakahulugan o katawagan. Sa larangan ng pagsasalin, maaaring maiugnay ito sa kontexto ng tinatawag na *multilingualism*.

> Multilingualism is not limited to texts in two or more national languages. It matters relatively little in itself whether it is 'national', 'dead' or 'artificial' languages, slang, dialects, sociolects, or idiolects, that make up the multilingual sequences. What matters more is their *textual interplay*. From this angle, all of these are comparable inasmuch as everything depends on the ways in which the 'other' languages are embedded in the overall text and made to interact with each other and with the text's 'main' language. (Delabastita & Grutman, 2005)

Masasabing ibang lengwahe na ang mga gawi ng autismo na natukoy sa kaso ng spectrum ni Rian. Iyon ang mga katangian na mayroon siya at iyon lamang ang naaabot ng kanyang kakayahan. Sa ganong kabatiran, ang kanyang mga tagapangalaga ay may unti-unti nang paggamay sa kung paano iintindihin at uunawain ang kanyang mga gawi, kilos at maging ang *pananalita*. Hindi lamang ang lengwahe ang itinutumbok sa multilingualism bagkus pati na rin kung paano babasahin ang mga simbulikal na pagpapakahulugan na nagagamit dito.

Sinasabing 62 sa bawat 10, 000 bata sa mundo ang may kondisyon ng autismo. (Elsabbagh, 2012) at lumalabas ang masidhing katangian ng autismo sa pagitan ng 3-6 taon. Sa mga ganitong gulang nabubuo ang mga spectrum. Sa kaso ni Rian, nagsisimula siyang magtantrums kapag ayaw niya ang kanyang isinusuot na damit lalo na ang mga may borloloy dahil sa pagiging madaling makaramdam nito na umaabot pa sa punto ng paggulong o paghiga sa lapag o semento.

> Many autistic people use stimming as a form of sensory seeking to keep their sensory systems in balance. Repetitive movements, sounds, or fidgeting can help people with autism stay calm, relieve stress or block out uncomfortable sensory input. Sensory overload happens when an intense sensory stimulus overwhelms your ability to cope. This can be triggered by a single event, like an unexpected loud noise, or it can build up over time due to the effort it takes to cope with sensory sensitivities in daily life. Sensory overload can feel like intense anxiety, a need to escape the situation or difficulty communicating. When the brain has to put all of its resources into sensory processing, it can shut off other functions, like speech, decision making and information processing. (https://www.autismspeaks.org/sensory-issues)

Sa mga may autismo, indikasyon na ito ng isang partikular na spectrum. Subalit kung ihahambing sa mga normal na bata, may tinatawag na *sumpong* o *isinusumpong* lamang ang mga ito dahilan kung bakit ito nagmamaktol o nagwawala. Sa mga may autismo, kapag dumating sa ganitong kalagayan, binibigyan ito ng proseso ng *stimming* o pagbalanse (Rudy, 2023) sa kanyang mga nararamdaman. Dahilan upang paulit-ulit na gawin ang kanyang mga nakagawian upang mabawasan ang kanyang istres at mga nararamdaman. Isang mekanismo ang stimming upang mabawasan ang pag-igting ng emosyon ng isang batang may autismo. Sa kabilang banda ng pag-unawa sa stimming, natuturuan ang mga bata na maglabas ng emosyon na maaaring magbigya-daan sa kanyang natural na pagkakalat o paglilinya ng kanyang mga laruan o mga gamit na nakapaligid sa kanya. Dito ngayon makikita kung anong mundo ang nabubuo sa mga may autismo.

Maihahambing ang stimming bilang pretextualities kung saan may pagsasaalang-alang sa iba't ibang nosyon ng pagpapakahulugan upang maunawaan o mintindihan ang isang hinahanapan ng mensahe. Sa paghahanap, may impluwensya ito ng mga *extralinguistic realities* na daan upang matulungan sa pagsasatitik  at paglalapat o pagsasalin ng mga kahulugan ng isang simubulo o wika.

> To translate between them, the less developed language needs to be developed further to meet linguistic, cognitive, social and cultural systems of the other fully developed language. Thus, the act of translating demands the learners to develop their linguistic system by elarning new lexicon etc. but also non-linguistic conceptual knowledge and more rhetoric structures and research more subject matter and background  knowledge (contextual knowledge). (Machida, 2011).

Sa autismo, nabubuo ang kasanayan ng pang-unawa sa mga kilos o gawi ng nasa kondisyon na ito kung bahagi na ang umiintindi ng mundo na kanyang ginagalawan. Ibig sabihin, kung mayroon nang pagtanggap sa kanyang kalagayan, susunod na rito ang pag-intindi sa kung anuman ang ibig sabihin ng kanyang ginagawa. Kung halimbawang biglang umikot o gumulong sa lapag

ang may autismo, hindi na iisipin ng nag-aalaga rito na may sumpong lamang ito o tumataas ang lebel ng kanyang pagkilos. Dahil sa may mga nakasanayan na ito buhat sa mga karanasan sa araw-araw na sila'y kasama, nabibigyan na nila ito ng pakahulugan ayon sa tunay na mensahe na nais iparating ng isang batang mayroon nito.

Iyon nga lamang dahil isa itong spectrum, iba-iba ang pakahulugan ng mga gawi, kilos o non-verbal na sitwasyon ng isang may autismo. Sa kabila nito, makikita na may pag-unawa sa pag-intindi ng mensaheng nais iparating ng may autismo. Kung gayon, may pagsasaling naganap at sa ganang larang ng sitwasyong autismo, may regulasyon o stimming na maaaring masabing katumbas naman ng pag-unawa sa multi-lingualism sa larang ng pagsasalin.

***Kung Paano magkakapuwang ang mga batang babaeng may autismo***

Sa isang lipunang minsang naninimbang sa pagkakaroon ng karapatan at pagkakapantay-pantay, isang malaking hamon at usapin ang pagkakaroon ng posisyon dito. Mula sa mga usaping pinagmulan ng mga lahi at kulay sa iba't ibang henerasyon, antas ekonomikal, isyung pulitikal at mga kagayang usapin, ang pagtanggap sa kondisyong autismo partikular na sa mga kababaihan ay isa ring hindi matatawaring usapin. May ilang bahagi ang kasaysayan na nagsasabing mas maraming lalaki ang may kaso ng autismo kung ihahambing sa kababaihan. May pag-aaral noong 2018 kung saan sa bawat 4 na may kondisyong autismo, iisa lamang ang babae rito. (https://psychcentral.com/autism/comparison-of-boys-and-girls-living-with-autism-spectrum-disorder#boys-vs-girls). May kinalaman man ang istatistika rito, masasabi pa rin na may kakulangan sa pagbibigay atensyon sa kaso ng mga babaeng may autismo.

Ang mga spectrum, bagamat iba-iba ang paraan ng eksekusyon ay may iba-iba ring paraan ng pag-unawa sa pagpapakahulugan nito. Sa kaso ng mga babaeng may autismo, may ilang salik

ang maikokonsidira bilang paraan ng pagsalubong sa pag-unawa sa konsepto ng sabjektiviti ng isang spectrum. Sa isang pag-aaral nababanggit ang autismo sa mga babae ayon sa ganitong katangian;

> Autistic girls have the same characteristics but are often missed or misdiagnosed due to their ability to blend in, mask or hide their autistic traits, some girls often present with high anxiety, sensory differences and can have strong emotional reactions especially when they are in safe place like at home and lastly, some autistic girls can be great imitators and learn early on how to copy others and hide or mask their autistic traits that cause to look autistic or different. (https://www.mrsspeechiep.com/prod.../autism-in-girls-handout)

Tulad ng kay Rian, na sa kasalukuyan ay tumatawid na mula sa pagiging bata patungo sa pagiging dalaginding, makikita na marami siyang mga gawi na nagsisilbing mga *pretextualities* sa kanyang kasalukuyang kondisyon ng ASD. Makikita ito sa huling kolum ng mga katangian na nabanggit.

Mabuay pa ang kondisyon ng mga bata o ng mga batang nagdadalaga na may ASD. Tulad din ng mga normal na dumadaan sa ganitong estado, kailangan ng isang matibay na paggabay sa mga may autismo. Subalit hindi tulad ng mga ordinaryong nagdadalaga, kailangang paulit-ulit ang gawi ng mga may autismo. Kailangang makailang ulit silang pinagsasabihan, tinuturuan at ginagabayan upang malaon ay kanilang maintindihan at magawa na rin ang mga panghabambuhay na gawi ng isang babae. Sa kabila na kinikilala ang autismo na isang kondisyong karaniwang nakikita sa mga kalalakihan, mainam na may kaparaanan na rin kung paano matatanggap ang mga babae mula sa ganitong kondisyon hanggang sa pagiging bahagi nila sa lipunang kanilang ginagalawan. Tulad ng pag-asam na makapasok sa istruktura ng pagtanggap sa isang lipunan, ganito rin naman ang paghahangad sa gilid ng kanilang kamalayan na magkaroon ang mga may autismo ng boses at posisyon sa lipunan. Ito ang nosyon ng tinatawag na *intersectionality* na kung saan naghahatid ito ng pagsasama ng mga kakaiba at mga magkakatulad bilang mga *iisa* (Moore,

2022). Bahagi ng intersectionality ang matindihang pagtutuon sa isang partikular na kasarian na masusuring may mga kakulangan (Hirschmann, 2013) at ang paggamit sa mga kakulangang ito bilang silang nagpapalakas sa kakulangan ng identidad ng mga may kakaibang kondisyon. (Toft et. al. 2020). At kabilang na rito ang mga may autismo. Sa pagbuo ng isang inklusibong lipunan, ang pagiging bahagi ng mga may autismo lalo't higit ng mga kababaihan ay isang kontribusyon na upang maiangat hindi lamang ang kanilang kinalalagyan bagkus pati na rin ang pagtanggap sa limitasyon ng kanilang kakayahan na mayroon sila. Marami sa mga may autismo ang napapakinabangan na sa iba't ibang larangan mula sa palakasan, aliwan, pagluluto, sining, musika, at iba pang katulad nito. Kung mapag-aaralan lamang at maiintindihan ang mga galaw at kilos ng mga may autismo lalo na ng mga kababaihan, makikita ang pagkakaiba ng kanilang mga kilos sa lipunan. Kung mangyayari lamang ang tulad ng sa karakter ni Atty. Woo, masasabing hindi lahat ng mga may autismo, partikular na ang mga kababaihan ang nahihinto na lamang sa pagtangka sa paghahangad sa kanilang pag-unlad. Ang iba ay nagagamit ng lipunan upang matukoy ang kakayahan at makaminsan ay galing at kabuluhan ng mga ito. Sa kaso ni Rian, ang pag-alalay sa kanya bilang padalaga ay isang mahalagang hakbangin na maaaring magdala sa kanya sa pagyakap ng lipunan sa kanyang abang kakayahan o kung susuwertihin pa nga ay sa kanyang kagalingan. Mainam na may malakas at matibay na suporta na pinagkukuhanan ang isang may autismo upang magabayan ito sa pagtahak sa landas ng intersectionality na siyang hangad lalo't higit ng mga sumusuporta sa kanila.

***Si Sen. Raul Roco Bilang Honorary Woman at ang Kaugnayan ng Kanyang Ipinaglalaban para sa mga Babae sa Usaping Autismo***

Naniniwala si Raul Roco sa tinatawag na *triumvirate* sa pamilya. Ang ama, ina at kanilang mga/anak. Sa ganitong paraan makikita ang pagpapahalaga ni Roco sa kahalagahan ng mga

karakter na ginagampanan sa istruktura ng isang pamilya. Subalit, espesyal sa kanya ang papel ng isang ina. Hindi lamang bilang isang ina, kundi bilang isang babae at tao. Para sa kanya, ang katotohanan ang gabay upang makapagtaguyod ng isang buong pamilya.

> His crusade was based on the search for truth, believing that truth is very essential in a democracy. He called that the "sunshine principle" because the sun highlights what is real and the dark covers the bad. In other words, transparency. (Ramirez, 2006)

Sa katotohanan nabubuo ang pagkilala hindi lamang sa kung ano ang tama o wasto kundi pati na rin ang makatwirang pagkilala sa identidad ng isang tao. Naging inspirasyon ni Roco ang kanyang ina na si Rosario Sagarbarria at ang kanyang kabiyak na si Sonia Malasarte daan upang maging gabay ang kanyang mga karanasan sa pagbuo ng mga sulatin at batas na may kinalaman na sa kababaihan.

Ilan sa mga batas na naisulat ni Roco na hinggil sa mga kababaihan ay ang *Anti-Harassment Law, the Anti-Rape Law, the Child and Family Courts Law at ang Women in Nation Building* . Maraming grupo ng mga kababaihan ang nagbigay ng katawagang ito kay Roco dahilan upang makapagbalangkas ang namayapang manunulat na si Conrado de Quiroz ng isang libro ukol sa pagiging Honorary Woman ni Roco. Kinikilala ang kanyang pagiging honorary woman dahil sa kontribusyon nito sa kabuluhan ng isang babae sa lipunang kanyang ginagalawan. Isa rin sa mga mahahalagang kontribusyon na kanyang ginawa ay ang pagpili sa mga kababaihan bilang pinakamalaking sektor na nag-ambag sa pagpapaigting ng karunungan sa pamamagitan ng Department of Education. Lahat ng mga ito, indikasyon kung paano binigyan ng pagpapahalaga ang mga kababaihan sa isang lipunan na minsanang may pagtimbang sa disposisyon sa buhay.

Kung nabubuhay pa ang mahal na senador, mabibigyan din niya ng pansin ang pagtugon sa pangangailangan ng mga kababaihang may kaso ng autismo. Kung paano naghahangad ang

sektor ng mga babae sa pangkalahatan ng isang pagtanggap at pagkamit ng pagkakapantay-pantay, ganoon din ang maaari niyang maibigay sa mga kababaihang may kondisyon ng autismo sapagkat kung ang isang pangkaraniwang babae nga ay nabibigyan ng pagpapahalaga, paano pa kaya ang mga sektor na tulad nito na nangangailangan ng atensyon, paggabay at pang-unawa.

Wala man sa mundo na ngayon ang butihing senador na si Roco, subalit ang legasiya ng pagbibigay niya ng importansya sa mga kababaihan ay hindi matatawaran sapagkat dito naipapakita kung anong klaseng lipunan at buhay ang nais niyang makamit para sa mga ordinaryong babae man o sa mga may autismo.

***Konklusyon/Rekomendasyon***

Ang mga gawi, kilos at salita ng isang tao ay may katumbas na mensahe o interpretasyon. Bawat aspektong ito ay may kahalagahan at maaaring makapagpundar ng isang maayos at solidong pang-unawa bilang pagpupuno sa katauhan at identidad. Sa kondisyon ng mga may autismo, bagamat spectrum itong maituturing, ang mga gawi at kilos ng mga ito ay pare-pareho lamang din subalit nag-iiba ang pagbibigay unawa at interpretasyon alinsunod na rin sa kaligiran ng nakakalakihan ng batang mayroon nito. Sa kaso ni Rian, ang pamangkin ng nagsusulat, mauunawaan ang kanyang mga kilos at gawi sa dahilan na maaari na rin itong maihalintulad sa isang ordinaryong bata subalit ang kakaiba lamang dito ay may kondisyon siya ng autismo. Ang kanyang mga kilos at gawi, na hindi niya iminumutawi ay ang paraan niya ng pakikipagkomunikasyon sa paraan na unti-unting natututunan na ng mga taong nakapaligid sa kanya. Sa kaugnayan naman nito sa usapain at larangan ng pagkababae, mailalagay ang kondisyon ng mga may autismo sa isang lipunang unti-unting nagbubukas ng kanyang pinto upang maaatim ang kaisahan, pagtanggap at pagkakabuo ng karapatan at identidad sapagkat ang mga may autismo,

may taglay man silang mga spectrum, buo at ganap pa rin ang kanilang pagkatao o sa kaso ng pag-aaral na ito, ang kanilang pagkababae.

Rekomendasyon sa pag-aaral na ito ang pagbalangkas ng mga gabay o solidong metodolohiya sa mga pangkaraniwang gawi, kilos o non-verbal na ginagawa ng mga may autismo. Isang paraan ito upang nang sa gayon ay mapapatatag at mapalawak pa ang pang-unawa sa kondisyon ng mga katulad nito.

***Sorses/Sanggunian***


Brasic, JR. (2021). Autism Spectrum Disorder. In https://emedicine.medscape.com/article/912781-overview?form=fpf. Retrieved March 06, 2024.

Benisek, A. (2023). What is Autism? https://www.webmd.com/brain/autism/understanding-autism-basics. Retrieved March 05, 2024.

Delabastita, Dirk, and Rainier Grutman. 2005. *Introduction. Fictional Representations of Multilingualism and Translation*. Linguistica Antverpiensia New Series 4, 11–34.

Elsabbagh, M. et.al. (2012). Global prevalence of autism and other pervasive developmental disorders. In *Autism Res*. 5:160–79.

Fisher, K. (2018). What Did God Say? A Critical Analysis of Dynamic Equivalence Theory. pp.1-29. In Linguistic Senior Research Project. https://digitalcommons.cedarville.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1014&context=linguistics_senior_projects . Retrieved March 14, 2024.

Garcia, F. (2004). Erick Slumbook: Pakikipagsapalaran Kasama ang Anak kong Autistic. Anvil Publishing.

Hirschmann N. J. (2013). Disability, feminism, and intersectionability: A critical approach. *Radical Philosophy Review*, 16(2), 649–662.

Machida, S. (2011). Translation in Teaching a Foreign (Second)Langauge: A Methodological Perspective. In Journal of Language Teaching and Research. Vol. 2. No. 4. pp. 740-746.

Moore, I. (2022). The intersection of autism and gender in the negotiation of identity: A systematic review and metasynthesis. In Sage Journals. Vol. 32, Issue No. 4.

Ramirez, J. (2006). Remembering Honorary Woman. In https://www.philstar.com/other-sections/newsmakers/2006/03/28/328544/remembering-145honorary-woman146.

Resurreccion, R. (2013). Ang Kabilang Mukha ng Autismo: Mga Pagpapakahulugan ng mga Magulang sa Karanasan ng Pagkakaroon ng Anak na may Autismo. In Malay Vol. 26. No. 1. pp. 71-82.

Risku, Hanna (1998): Translatorische Kompetenz. Tübingen: Stauffenburg. p. 18.

Rudy, L. (2023). What Is Stimming? Repetitive behaviors or noises often associated with autism. In Very Well Health. https://www.verywellhealth.com/what-is-stimming-in-autism-260034. Retrieved March 19, 2024.

Toft A., Franklin A., Langley E. (2020). "You're not sure that you are gay yet": The perpetuation of the "phase" in the lives of young disabled LGBT + people. *Sexualities*, 23(4), 516–529. https://doi.org/10.1177/1363460719842135.

The Filipino attitude towards Autism Spectrum Disorder. (2017). http://pwdphil.com/2017/09/25/the-filipino-attitude-towards-autism-spectrum-disorder/ Retrieved March 05, 2024.

Turnock, A. et.al. (2022). Understanding Stigma in Autism: A Narrative Review and Theoretical Model. In Autiusm Adulthood. 4(1): 76–91. https://www.liebertpub.com/doi/10.1089/aut.2021.0005. Retrieved March 11, 2024.

https://www.autismspeaks.org/sensory-issues

(https://psychcentral.com/autism/comparison-of-boys-and-girls-living-with-autism-spectrum-disorder#boys-vs-girls)

https://www.set.gov.ph/member-senators/1394/hon-senator-raul-s-roco/

https://www.mrsspeechiep.com/prod.../autism-in-girls-handout